Disability Rights California

Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

Papel ng Katotohanan sa Diskriminasyon laban sa Kapansanan: Mga Serbisyong Binibigay ng Amtrak

Pebrero 2018, Lat. #F117.08

Mga Patakaran ng Amtrak para sa mga Pasaherong may mga Kapansanan

Ipinaskil ng Amtrak ang sumusunod na Patakaran sa Walang Diskriminasyon sa website nito:

- Alinsunod sa pang-estado at pederal na mga batas at regulasyon, kabilang ang Batas sa Mga Amerikanong May mga Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act), ipinagbabawal ng Amtrak ang diskriminasyon batay sa kapansanan sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito para sa publiko.
- Malugod na tinatanggap ng Amtrak ang mga kustomer na may mga kapansanan at nalulugod na magbigay ng karagdagang serbisyo (nang walang dagdag na singil) para sa naturang mga pasahero (tulad ng serbisyo sa pagkain sa upuan o sa silid o tulong sa pagsakay).

https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/non-discrimination-policy?content=Non-DiscriminationPolicy

Ipinaskil din ng Amtrak ang mga partikular na patakaran kaugnay sa mga pasaherong may mga kapansanan. Kabilang dito ang:

- Mga Serbisyo sa Accessible na Paglalakbay https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/making-reservations-for-passengers-with-a-disability?content=MakingReservationsforPassengerswithaDisability

- Accessibility ng Istasyon https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/station-accessibility?content=StationAccessibility

- Paglakbay kasama ng Kasamahan/Katulong https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/accessible-travel-with-companion-attendant?content=TravelingwithaCompanion/Attendant

- Mga Serbisyo sa De-gulong na Kagamitan sa Pagkilos https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/wheeled-mobility-device-services?content=WheeledMobilityDeviceServices

- Kagamitan sa Oxygen https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/use-of-oxygen-equipment?content=OxygenEquipment

- Katulong na mga Hayop https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/service-animals?content=ServiceAnimals

- Serbisyo sa Pagkain para sa mga Pasaherong May mga Kapansanan https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/meal-services-for-passengers-with-a-disability?content=MealServiceforPassengerswithaDisability

- Mga Kahilingan sa Accessible na Paglalakbay https://www.amtrak.com/planning-booking/accessible-travel-services/accessible-travel-request?content=AccessibleTravelRequests

Mga Batas sa Diskriminasyon laban sa Kapansanan

Ipinagbabawal ng Titulo II ng Batas sa Mga Amerikanong May mga Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act) at Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973) ang mga pampublikong entidad mula sa pagdiskrimina laban sa mga taong may mga kapansanan batay sa kapansanan. Partikular na kabilang sa Titulo II ang Amtrak bilang saklaw ng pampublikong entidad, na nangangahulugan na ito ay saklaw din sa ilalim ng Seksyon 504. Gayunpaman, hindi katulad ng karamihan sa pampublikong mga entidad, na napailalim sa mga regulasyong ginawa ng Kagawaran ng Katarungan, ang Amtrak ay pinangangasiwaan ng mga regulasyong ginawa ng Kagawaran ng Transportasyon. Depende sa ruta ng tren, ang mga pang-estadong batas sa diskriminasyon tulad ng Batas sa Sibil na mga Karapatan ng Unruh (Unruh Civil Rights Act) ay maaaring naaangkop din.

Mga Administratibong Pagdaing

Kung naniniwala ka na ang Amtrak ay nagdiskrimina laban sa iyo batay sa kapansanan, maaari kang magsampa ng pagdaing sa Amtrak o sa Tanggapan ng Sibil na mga Karapatan ng Pederal na Pangangasiwa ng Riles (FRA, Federal Railroad Administration)

Maaari kang makipag-ugnayan sa tagapag-ayos ng ADA ng Amtrak upang magtanong o magsampa ng reklamo. Ang impormasyon sa kung paano makipag-ugnayan sa Tagapag-ayos ng ADA ay nandito: https://www.amtrak.com/non-discrimination-policy.

Ang Tanggapan ng Sibil na mga Karapatan ng FRA ay isang ahensiya na responsable para sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng walang

diskriminasyon ng Kagawaran ng Transportasyon sa mga riles. Mahahanap mo ang mga tagubilin sa pagsampa ng reklamo sa FRA dito:

https://www.fra.dot.gov/Page/P0578.

Paglilitis

Ang mga paglabag sa mga batas na tinalakay sa itaas ay maaari ring ipatupad sa pamamagitan ng mga pribadong kaso. Mangyaring malaman na hinihigpitan ng mga kautusan sa mga limitasyon ang takdang panahon para sa pagsampa ng kaso, at maaari kang mawalan ng paghahabol kung hindi ka kikilos sa loob ng naaangkop na kautusan sa mga limitasyon. Maaari ka ring atasan na magsampa ng reklamo sa ilalim ng Pederal na Batas sa Paghahabol sa Paglabag sa Karapatan (Federal Tort Claims Act) sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng dikriminasyon, bago magsampa ng reklamo para sa pagkasira sa korte. Mahalagang talakayin ang mga huling petsa na ito sa iyong abogado kung ikaw ay nag-iisip na magsampa ng kaso laban sa Amtrak.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [Sagutan ang Survey]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang pormularyo ng kahilingan para sa tulong. Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.